JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malimpyo
JUNE
Maabtik og Musunod sa Ihsaktong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

1

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 5
## Pagsunod sa Panuto



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Filipino – Unang Baitang**
**School Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ikalawang Markahan – Modyul 5: Pagsunod sa Panuto**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga mayakda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Charita T. Paquibot
**Editor/Tagasuri** Ronna B. Laranjo/Riela Angela C. Josol
**Tagalapat:** Kevien Ian I. Albon
**Tagapagpamahala:**
Virgilio P. Batan Jr.CESO VI – Schools Division Superintendent
Lourma I. Poculan – Asst. Schools Division Superintendent
Amelinda D. Montero – Chief Education Supervisor, CID
Nur N. Hussien – Chief Education supervisor, SGOD
Riela Angela C. Josol – Education Program Supervisor - Filipino
Ronillo S. Yarag- Education Program Supervisor, LRMS
Leo Martinno O. Alejo – Project Development Officer II, LRMS
Bernie P. Laranjo – Public Schools District Supervisor

**Inilimbag sa Pilipinas ng _______________________**
**Department of Education – Region IX - Division of Dipolog City**

Office Address: Purok Farmers, Olingan Dipolog City
Telefax: (065) 212 - 6968
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

# Alamin

Sa modyul na ito ay pag-aaralan natin kung paano sumunod sa napakinggang panuto na may 1-2 hakbang **(F1PN-IIIb-1.2).**

| Aralin 1 1 | **Pagsunod sa Panuto** |
|---|---|

# Balikan

**Panuto:** Sa gabay ng magulang o tagapag-alaga kantahin ang awiting “Leron Leron Sinta” at sabayan ito ng pagkilos.

***Leron Leron Sinta***

*Leron, leron, sinta, buko ng papaya*
*Dala-dala’y buslo, sisidlan ng bunga*
*Pagdating sa dulo, nabali ang sanga*
*Kapos-kapalaran, humanap ng iba*

*Halika na Neneng, tayo’y manampalok*
*Dalhin mo ang buslo, sisidlan ng hinog*
*Pagdating sa dulo’y, lalamba-lambayog*
*Kumapit ka Neneng, baka ka mahulog*

**Tanong**:

Sa awit na Leron Leron Sinta, ano ang tawag sa mga salitang nagpapakita ng aksiyon o kilos?

Sagot: ___________________________________________

## *Tuklasin*

**Panuto:** Sa gawaing ito, alamin natin kung sino ang batang makasusunod o hindi makasusunod sa panuto na ibibigay ng guro.Sundin ang ibinigay na panuto sa bawat letra na nasa loob ng kahon.

| | |
|---|---|
| **A**<br>Maghanap ng hagdan. Bilangin kung ilang baitang mayroon ang hagdan na iyong nakita. | **B**<br>Bumili ka ng patis sa tindahan kasama ang iyong magulang gamit ang sampung piso. Bilangin ang iyong sukli. |
| **D**<br>Kumain ka ng ampalaya. Ipaliwanag mo ang lasa nito. | **S**<br>Sa tulong ng iyong magulang, sindihan mo ang kandila. |
| **L**<br>Lumakad ka mula sa inyong sala patungo sa kusina. Bilangin mo ang hakbang na iyong nagawa | **T**<br>Tulungan mo sa pagwawalis ang iyong ate o ina |
| **U**<br>Umupo ka sa silya | **K**<br>Diligan mo ang halaman. |

Nasunod mo bang lahat ang sinabi ng iyong guro? Bakit?

## Suriin

.

**Sagutin**:

1. Ilan sa mga napakinggang panuto sa naunang gawain ang nasunod mo? ________________________________
2. Ilan ang hindi? ____________________________________
3. Bakit nasundan mo ang iba? ___________________
4. Bakit hindi mo nasundan ang iba? _______________

**Tandaan:**

Ang pagsunod sa panuto ay mahalaga. Ito ay kinakailangan nating matutuhan upang maging madali ang ating mga trabaho. Gayundin sa pagsunod sa mga panuto, maiiwasan ang pagkakamali o aksidente.

Tandaan ang sumusunod upang maisagawa ang mga pinakinggang panuto.

1. Unawaing mabuti ang ibinigay na panuto.
2. Gawin lamang kung ano ang sinasabi.
3. Sundin ang mga ipinagagawa ayon sa pagkasunod-sunod.
4. Magtanong kung may hindi naunawaan.

## Pagyamanin

**Panuto:** Sundin ang ibinigay na panuto ng guro.

1. Isulat ang iyong buong pangalan. Salungguhitan ito.

2. Gumuhit ng isang tatsulok. Kulayan ito ng pula.

3. Isulat sa loob ng bilog ang pangalan ng iyong ina.

4. Isulat sa loob ng lobo ang iyong edad. Kulayan ang lobo ng kulay dilaw.

5. Gumuhit ng isang kahon. Isulat sa loob ng kahon ang pangalan ng iyong mga kapatid.

## Isaisip

**Panuto:** Bigyan ang sarili ng marka kaugnay ng mga natapos na gawain sa pagsunod sa panuto. Iguhit ang limang bituin (☆) kung lahat ng panuto ay nasusunod.

| Panuto | Marka ( ☆) |
|---|---|
| 1. Nasunod ko ang lahat ng panuto. | |
| 2. Nagawa ko nang may wastong pagkasunod-sunod ang mga gawain. | |
| 3. Tama ang pagkakagawa ko ng mga gawain. | |
| 4. Nagtanong ako dahil may hindi ako naunawaan. | |
| **Ilang bituin ang nakuha mo?** ______________________ | |

# *Tayahin*

**Panuto:** Basahing mabuti ang mga panuto na nasa ibaba at gawin ang pinagagawa sa bawat bilang sa loob ng kahon.

1. a. Gumuhit ng isang malaking bilog.
   b. Gumuhit ng maliit na bilog sa loob ng malaking bilog.

2. a. Gumuhit ng isang bituin.
   b. Kulayan ng dilaw ang bituin.

3. a. Gumuhit ka ng isang tatsulok.
   b. Bilugan mo ang tatsulok.

4. a. Gumuhit ng isang hugis puso.
   b. Isulat sa loob ng puso ang pangalan ng iyong mga magulang.

5. a. Isulat ang iyong buong pangalan.
   b. Bilugan ang iyong pangalan at salungguhitan mo ang iyong apelyido.


## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Basahing mabuti ang panuto na ibinigay ng guro at sundin ito sa pamamagitan ng larawan na nasa loob ng kahon.

**Sabihin:** *Ikaw ba ay lalaki o babae? Kung lalaki ka, kulayan mong asul ang cake. Kung ikaw ay babae kulayan mo ng pula ang cake.*



# *Susi sa Pagwawasto*



# *Sanggunian*


- Most Essential Learning Competencies (MELCs) in Filipino 1
- K to 12 Learner's Material in Filipino
- LRMDS
- Internet/Websites
    - https://www.pinterest.es/pin/213498838571358413/
    - https://www.slideshare.net/mobile/flamerock/pagsunod-sa-panuto
    - https://www.pinterest.es/pin/213498838571358413/